# Mga Safety Tip mula sa mga Adult Family Home

**Mga kapaki-pakinabang na payo at safety tip mula sa mga Adult Family Home sa komunidad**





### Kalusugan at Kalinisan

- Ang paghuhugas ng kamay ay napakasimple ngunit napakahalaga.
- Walang sinuman ang immune o ligtas sa pagkakasakit.
- Iwasan ang cross-contamination - kapag lumabas kayo ng silid, agad tanggalin ang gwantes.
- Magsagawa ng pagsasanay sa pagkontrol ng impeksyon kasama ang staff bawat taon.

### Kaligtasan

- Panatilihing walang harang at maliwanag ang mga daanan.
- Suriin ang mga madudulas na bahagi pagkatapos maligo upang maiwasan ang pagdulas at pagkabagsak.
- Maraming residente ang hirap maglakad kaya maging maingat sa mga posibleng makapatid.
- Kailangang magsuot ng tamang sapatos ang mga caregiver - bawal ang sapatos na nakalabas ang mga daliri!
- Pagkatapos mag-install ng grab bars, handrails, o anumang bagay na sumusuporta ng bigat, subukan itong mabuti sa pamamagitan ng paglalagay ng inyong bigat dito.
- Dapat mayroong pagsasanay sa kaligtasan mula sa mga kemikal!





### Pangangalaga sa Residente

- Kung bumagsak ang isang residente, gamitin ang tamang mga lifting technique upang matulungan silang makatayo mula sa sahig.
- Alamin ang tamang paraan ng pag-transfer ng mga residente upang walang masaktan. Tandaan na huwag hilahin ang mga braso ng residente.
- Payo para sa mga bagong caregiver: Unahin ang residente. Kailangan ang pasensya, respeto, pag-aaruga, at malasakit upang maging caregiver.


Adult Family Home Council OF WASHINGTON STATE

Long-Term Care Foundation of Washington State

PIM SAVVY COMMUNITY OUTREACH

SHIP Grant Program | Safety and Health Investment Projects | Lni.wa.gov/SafetyGrants

Funding and support provided by the Department of Labor & Industries